Republic of the Philippines
Department of Education
Region 02
SCHOOLS DIVISION OF ISABELA
Reina Mercedes District
**TUROD INTEGRATED SCHOOL**
Turod, Reina Mercedes, Isabela 3303 School ID: 500076
turodis16@gmail.com

**Ikaapat na Markahang Pagsusulit**
**ARALING PANLIPUNAN IV**

PANGALAN: ________________________________________ ISKOR: ____________

BAITANG/SEKSYON: ____________________ PETSA: ____________

**I. Basahing mabuti ang mga tanong at bilugan ang letra ng tamang sagot**.

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 1. Ano ang tawag sa prinsipyo ng pagkamamamayan batay sa lugar ng kapanganakan?
A.Jus soli B. Jus sanguinis C. Naturalisasyon D. Dual citizenship

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 2. Ano ang tawag sa kasulatan na kung saan nakasaad ang pagkamamamayang Pilipino?
A. Artikulo B. Saligang Batas C. Seksiyon D. wala sa nabanggit

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 3. Ito ang proseso ng pagiging mamamayan ng isang dayuhan ayon sa batas.
A. naturalisayon B. dual citizenship C. jus soli D. jus sanguinis

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 4. Sino sino ang mamamayang Pilipino ayon sa Saligang Batas?
A. Mamamayan ng Pilipinas nang pinagtibay ang Saligang Batas ng 1987 noong Pebrero 2, 1987.
B. Mga dayuhang nagpasiyang maging mamamayang Pilipino ayon sa batas ng naturalisasyon.
C. Ang ama o ina ay mamamayang Pilipino.
D. lahat ng mga nabanggit

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 5. Isa sa mga katangian ng isang dayuhan upang maging naturalisadong Pilipino ay ang paninirahan nang tuloy-tuloy sa Pilipinas sa loob ng sampung taon. Kailan ito maaaring mapaikli ng limang taon?
A. Kung ang isang dayuhan ay mayaman.
B. Kung ang isang dayuhan ay tanyag sa kaniyang bansa.
C. Kung ang isang dayuhan ay nakapag-asawa ng isang Pilipino.
D. Kung ang isang dayuhan ay may kilalang mataas na opisyal sa Pilipinas.

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 6. Alin sa mga sumusunod ang kabilang sa likas na karapatan?
A. bumuto B. maglaro C. mabuhay D. mag-aral

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 7. Hindi pinigil ng kanyang ama si Alden na sumapi sa relihiyon ng kanyang napangasawa. Anong uri ng karapatan ang inihayag?
A. likas na karapatan C. karapatang panlipunan
B. karapatang sibil D. karapatang pangkabuhayan

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 8. Pilit na pinagpapalimos ng kanilang ina sa lansangan ang magkapatid na Jeremy at Symhon dahil may sakit ang kanilang ama.Anong karapatan ang nilabag dito?
A. karapatang mgkaroon ng tirahan at ari-arian
B. karapatan sa pantay na proteksiyon ng batas
C. karapatang magsalita at ipahayang ang srili
D. karapatan laban sa sapilitang paglilingkod.

Ⓐ Ⓑ Ⓒ Ⓓ 9. Anong uri ng karapatan ang nauukol sa ugnayan ng mamamayan at pamahalaan? ________________

10. Masayang nakilahok si Marjohn sa paglilinis sa harap ng kanilang bahay dahil sa panawagan ng programa ng barangay na “Tapat Ko, Linis Ko.” Anong tungkulin ang ipinapahayag sa sitwasyon?

A. pagtatanggol sa bansa C. pagmamahal sa bayan
B. pagsunod sa batas D. paggalang sa watawat

ⒶⒷⒸⒹ 11. Nakita mong nangongopya ang iyong kaklase sa kanyang notebook habang kayo ay may pagsusulit.
Ano ang iyong gagawin?

A. Magagalit ako sa kanya kapag hindi ako pinakopya.
B. Sasabihan ko siya na hindi tama ang kaniyang ginagawa.
C. Magsasawalang kibo na lang ako.
D. Gagayahin ko rin siya.

ⒶⒷⒸⒹ 12. Binigyang-halaga ang karapatan ng bawat mamamayan sa Saligang Batas ng 1987 upang mapangalaagaan ito at makapamuhay nang maatiwasay ang mga tao sa lipunan. Ano ang dapat na maging kaakibat nito?

A. batas B. tungkulin C. kasunduan D. alituntunin

ⒶⒷⒸⒹ 13. Naihalal si Waukee na alkalde sa kanilang lungsod. Anong kaakibat na tungkulin ang dapat niyang gawin?

A. gawin nang tapat ang tungkulin C. magsabi ng katotohanan
B. gawin ang naising gawin D. maging bos a kanilang lugar

ⒶⒷⒸⒹ 14. Masayang nagkukuwentuhan ang magkaibigang Joan at Joey. Sa kabilang silid ay natutulog ang isang bata na may sakit. Ano ang pinakamabuti nilang gawin?

A. Itigi nila ang kanilang kuwentuhan.
B. Ituloy ang kanilang kasayahan dahil karapatan nila ito.
C. Hinaan nila ang kanilang boses para hindi maabala ang may sakit.
D. Lakasan ang kanilang kuwentuhan.

ⒶⒷⒸⒹ 15. Anong termino ang tumutukoy sa pinkamataas na kabutihang makakamit at mararanasan ng mga mamamayan?

A. gawaing pansibiko C. produktibong mamamayan
B. kamalayang pansibiko D. kagalingang pansibiko

ⒶⒷⒸⒹ 16. Anong mga salita ang maaaring kabahagi ng Kagalingang Pansibiko?

A. Bayanihan, Pagkukusang-loob C. Pagkukusang-loob, Kasipagan
B. Pagkukusang-loob, Kalakasan D. Bayanihan, Katapatan

ⒶⒷⒸⒹ 17. Katatapos lamang ng malakas na bagyo. Maraming relief goods ang dumating sa inyong lugar. Ano ang gagawin mo?

A. Tumulong sa pamimigay ng mga relief goods.
B. Kukunin ang lahat ng relief goods para ibenta.
C. Hayaan na lamang sila sa pagbibigay.
D. Ibalita ito sa media na may dumating na relief goods.

ⒶⒷⒸⒹ 18. Tumunog na ang bell ng paaralan, marami paring bata ang hindi nakalinya. Magsisimula na ang pambansang awit. Ano ang gagawin mo?

A. Sumali sa mga batang hind pa nakalinya.
B. Huwag kumibo.
C. Sabihan sila na pumila na at sumabay sa pag-awit ng Lupang Hinirang.
D. Sigawan ang mga batang hindi nakalinya.

ⒶⒷⒸⒹ 19. Nakita mong tumatawid sa kalsada ang isang matanda. Ano ang gagawin mo?

A. Alalayan ang matanda. C. Sabihan siya na mag-ingat sa pagtawid.
B. Pabayaan siya at huwag pansinin. D. Maghanap ng pulis na magtatawid sa kanya.

20. May proyekto sa inyong barangay tungkol sa kalinisan. Ano ang gagawin mo? ____________________

ⒶⒷⒸⒹ 21. Alin sa mga sumusunod ang mga gawaing pansibiko?

A. Pagpapakain sa mga batang lansangan
B. Paglalaan ng oras sa bahay ampunan
C. Pagboto sa mga opisyal ng pamahalaan
D. lahat ng mga nabanggit

ⒶⒷⒸⒹ 22. Alin sa mga sumusunod ang hindi gawaing pansibiko?
A. Pagtulong sa mga nagbibigay ng relief goods
B. Panood ng sine
C. Paglilinis ng kapaligiran
D. Pagtatanim sa gilid ng mga kalsada

ⒶⒷⒸⒹ 23. Ano ang epektong naidudulot ng gawaing pansibiko?
A. Mas mapapabilis ang pag-bot ng tulong
B. Kagyat na pagtugon sa mga nangangailangan
C. Pangmatagalang epekto ng mga gawain at proyekto.
D. Lahat ng mga nabanggit

ⒶⒷⒸⒹ 24. Ano- ano ang katangian ng isang maunlad na bansa?
A. Pantay-pantay ang pagturing sa mamamayan
B. Maayosa ang pagpapatakbo ng lipunan
C. Pagkakaroon ng angkop at sapat na serbisyong panlipunan
D. lahat ng mga nabanggit

ⒶⒷⒸⒹ 25. Paano maitataguyod ng mamamayan ang kaunlaran ng bansa?
D. Kailangan niyang mapaunlad ang kaniyang sarili upang maging kapki-pakinabang.
B. Sumabay sa katiwalian ng pamahalaan.
C. Huwag linangin ang katalinuhan at kakayahan.
D. Sirain ang mg pampublikong gamit at lugar.

ⒶⒷⒸⒹ 26. Anong pahayag ang maaaring itumbas sa kaunlaran?
A. Tapat na mamamayan
B. Masaganang buhay
C. Tiyak na negosyo, walang katiyakan sa serbisyo
D. Mabuting pamamahala

ⒶⒷⒸⒹ 27. Si Aling Sophia ay nakatatanggap ng pera bawat buwan mula sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4P's). Ano ang dapat gawin ni Aling Sophia sa natatanggap niyang pera?
A. Ibili ito ng mga kagamitan sa bahay.
B. Ibili ito ng mga gadget gaya ng cellphone at ipod.
C. Ipambayad ito sa kuryente at tubig.
D. Gamitin ito sa pagpapaaral at pagpapagamot ng mga anak.

ⒶⒷⒸⒹ 28. Naglunsad ang iyong barangay ng local na programang Greening Program. Hinihikayat ang bawat pamilya sa inyong barangay na magkaroon ng isang narseri sa bakuran. Ano ang iyong gagawin?
A. Sabihin sa barangay na hindi kayo marunong magtanim.
B. Masayang makilahok sa programa.
C. Magsawalang-kibo upang hindi mapansin.
D. Magpalista sa brangay ngunit hindi gagawa ng narseri.

ⒶⒷⒸⒹ 29. Paano mo mapananatiling malusog ang iyong katawan upang makatulong sa pag-unlad ng bansa?
A. Manood ng television hanggang hatinggabi.
B. Mag-ehersisyo kung kailan nais gawin ito.
C. Kumain ng masusustansiyang pagkain.
D. Gumamit ng ipinagbabawal na gamut.

ⒶⒷⒸⒹ 30. Sino sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pagiging matalinong mamimili?
A. Si Janus na pinipili ang mas marami o malaki kaysa kalidad ng produkto.
B. Si Che-Che na binabasa muna ang mga label sa etiketa ng mga paninda.
C. Si Chris na bumubili ng gamit o bagay batay sa mga anunsiyo sa telebisyon.
D. Si Nelia na bumubili ng anumang maibigan niya kahit di ito kailangan.

ⒶⒷⒸⒹ 31. Sino sa kanila ang may tamang saloobin sa paggawa?
A. Si Melanie na madalas na hindi tinatapos ang gawain.
B. Si Philip na maagang pumapasok ngunit maaga ring umuwi.
C. Si Jayson na gumagawa lamang kapag nariyan ang manedyer.
D. Si Jasmine na pinag-aaralang mabuti ang gawain upang mapagbuti ito.

ⒶⒷⒸⒹ 32. Alin sa mga sumusunod ang binigyang-diin ni Fernando Amorsolo sa kanyang mga pinta?
A. Katutubong pambaryong tanawin
B. Pagmamahal sa kapuwa
C. Pagkanasyonalismo
D. Makabagong Panahon

ⒶⒷⒸⒹ 33. Maraming Pilipinong manlalaro ang nakilala at tumanyag sa buong mundo dahil sa kanilang angking kakayahan at lakas. Kung ikaw ay isang manlalaro, paano mo paghahandaan ang sasalihan mong laro?

A. Hihingi ako ng payo sa idolo kong manlalaro.
B. Iisipin ko na lamang na mananalo ako sa larong sasalihan.
C. Hindi na lang ako sasali sa laro.
D. Pauunlarin at lalo akong magsasanay upang makamit ang tagumpay.

ⒶⒷⒸⒹ 34. Ano ang pinatutunayan ng mga Pilipina sa pandaigdigang timpalak sa kagandahan?

A. May kapangyarihan ang mga kababaihan sa anumang larangan.
B. Matalino, maayos, at may pagpapahalaga ang mga Pilipina sa bansa, sa kapuwa, at sa kaniyang sarili.
C. Kayang maging tanyag ng Pilipino sa anumang larangan.
D. Sa larangan lamang ng kagandahan nakikilala ang mga Pilipina.

ⒶⒷⒸⒹ 35. Si Aling Sophia ay nakatatanggap ng pera bawat buwan mula sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4P's). Ano ang dapat gawin ni Aling Sophia sa natatanggap niyang pera?

A. Ibili ito ng mga kagamitan sa bahay.
B. Ibili ito ng mga gadget gaya ng cellphone at ipod.
C. Ipambayad ito sa kuryente at tubig.
D. Gamitin ito sa pagpapaaral at pagpapagamot ng mga anak.

**II. Lagyan ng puso ( ) ang mga pahayag na nakakatulong sa pag-unlad ng sarili o ng bansa at bituin ( ) kung hindi.**

________ 36. Mahilig magkumpuni ng mga sirang kagamitang si Mang Gaston.
________ 37. Laging huli sa klase si Dave.
________ 38. Madalang maglaro si Maine dahil tumutulong siya sa tindahan ng kaniyang lola Martha.
________ 39. Mahilig sa mga imported na gamit at pagkain si Nicole.
________ 40. Nagsasanay nang mabuti si Jade sa lawn tennis upang makasali sa pambansang koponan.

Inihanda ni:

RUTH L. CASIL
T-1

NOTED:

WYNE G. ASUNCION
TIC/ HT1

File Submitted by DepEd Club Member – depedclub.com

Republic of the Philippines
Department of Education
Region 02
SCHOOLS DIVISION OF ISABELA
Reina Mercedes District
**TUROD INTEGRATED SCHOOL**
Turod, Reina Mercedes, Isabela 3303 School ID: 500076
turodis16@gmail.com

**TALAHANAYANG ESPISIPIKASYONG SA ARALING PANLIPUNAN IV**
Ikaapat na Markahang Pagsusulit
SY 2018 – 2019

| Pamantayan sa Pagkatuto | Bilang ng Araw | % | Kinalalagyan | DOMAINS | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | R | U | A | A | E | C |
| 1. Natutukoy ang batayan ng pagka - mamamayang Pilipino. **AP4KPB-IVa-b-1** | 6 | 10 | 1,2 3 4 | 4 (1,2, 3, 4) | | | | | |
| 2. Nasasabi kung sino ang mga mamamayan ng bansa. . **AP4KPB-IVa-b-1** | 2 | 3 | 5 | | 1 (5) | | | | |
| 3. Natatalakay ang konsepto ng karapatan ng mamamayang Pilipino.**AP4KPB-IVc-2** | 6 | 10 | 6,7 8 9 | 3 (7, 8, 9) | | | 1 (6) | | |
| 4. Natatalakay ang tungkulin ng mamamayang Pilipino. **AP4KPB-IVc-2** | 3 | 5 | 10 11 | | | 2 (10 11) | | | |
| 5. Natatalakay ang mga tungkuling kaakibat ng bawat karapatang tinatamasa. **AP4KPB-IVc-3** | 4 | 7 | 12,13 14 | 2 (12 13) | | 1 (14) | | | |
| 6. Naibibigay ang kahulugan ng kagalingang pansibiko. **AP4KPB-IVd-e—4** | 4 | 7 | 15,16 17 | 2 (15 16) | | 1 (17) | | | |
| 7. Natatalakay ang mga gawaing nagpapakita ng kagalingan pansibiko ng isang bahagi ng bansa. **AP4KPB-IVd-e-4** | 6 | 10 | 18,19 20 21 | 2 (18 19) | | | 1 (21) | 1 (20) | |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 8. Nakapagbibigay ng mga halimbawa ng gawaing pansibiko. **AP4KPB-IVd-e-4** | 3 | 5 | 22<br>23 | | | 1<br>(23) | 1<br>(22) | | |
| 9. Nahihinuha ang epekto ng kagalingang pansibiko sa pag-unlad ng bansa. **AP4KPB-IVd-e-4** | 2 | 3 | 24 | 1<br>(24) | | | | | |
| 10. Naipapaliwanag kung paano itinataguyod ng mga mamamayan ang kaunlaran ng bansa. **AP4KPB-IVd-e-4** | 4 | 8 | 25,26<br>27 | 1<br>(26) | 1<br>(27) | 1<br>(25) | | | |
| 11. Naipapakita ang pakikilahok sa mga programa at proyekto ng pamahalaan na nagtataguyod ng mga karapatan ng mga mamamayan. **AP4KPB-IVi-7** | 3 | 5 | 28<br>29 | | 1<br>(28) | 1<br>(29) | | | |
| 12. Naibibigay ang kahulugan at katangian ng pagiging produktibong mamamayan. **AP4KPB-IVf-g-5** | 5 | 7 | 30,31<br>32 | 2<br>(30,<br>31) | | | 1<br>(32) | | |
| 13. Napapahalagahan ang mga mamamayan at kontribusyon ng mga Pilipino sa iba't-ibang panig ng daigdig tungo sa kaunlaran ng bansa. **AP4KPB-IVh-6** | 5 | 7 | 33,34<br>35 | 1<br>(34) | 1<br>(35) | | | 1<br>(33) | |
| 14. Naipapakita ang pakikilahok sa mga programa at proyekto ng pamahalaan na nagtataguyod ng mga karapatan ng mga mamamayan. . **AP4KPB-IVi-7** | 7 | 13 | 36,37,38<br>39<br>40 | | | | | | 5<br>(36<br>37<br>38<br>39<br>40) |
| **KABUUAN** | **60** | **100** | **40** | **18** | **4** | **7** | **4** | **2** | **5** |

Inihanda ni:

RUTH L. CASIL
T-1

NOTED:

WYNE G. ASUNCION
TIC/ HT1